# Tagumpay Ni CRISTO Laban Kay Satanas

Satanas, ipinahayag sa mga salita ng Dios na, prinsipe ng sanglibutan, ang mahigpit na kaaway ng Dios-bagaman siya ang pinakamataas sa lahat ng nilalang-tao. Tayong mga tao ay nakaharap sa isang mapanganib na larangan ng pakikilaban. Nagngangalit ang paglalaban ng dalawa, ni Cristo at si Satanas. Kailangang piliin natin kung sino ang ating talagang Panginoon magpakailan man. Si Cristo ang Manglalalang, na siyang Emmanuel (Sumasaatin ang Dios) o si Satanas ang nilalang-na siyang prinsipe ng lahat ng paghihimagsik laban sa Dios. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na mag-uli nagtagumpay si Cristo para sa lahat ng sumampalataya sa Kanya.

Sa maraming pagkakataon tinangka ni Satanas na dayain, iligaw ang mga tao at ang pinakahuli ay ang tungkol sa pagsamba. Si Cristo na manglalalang ang karapatdapat sambahin. Nakikilala tayo sa Kanya na ating sinasamba. Ang kahulihulihang pagtatangka na bihagin ang mga tao sa sanglibutan ay ang mga ito: (1) kalayaang hiwalay sa Dios, (2) pagsunod sa diablo, (3) pagsamba sa "tao ng sala," (4) pagsamba sa kanyang larawan, (5) tanda sa katawan upang makabili at makapagbili. Mag-ingat sa mga bagay na ito. —Watson Goodman (1920-2002)

# SINO AT ANO ANG KINAPOPOOTAN NI SATANAS

*Sangbahayan—Biyaya ng Dios*

Genesis 12:3

At pagpapalain ko ang mg̃a magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mg̃a susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng̃ angkan sa lupa.

*Si Cristo (Dios na nasa laman) na dala ang kaligtasan sa kanyang pagkatao na may banal na dugo*

Mateo 2:16

. . . nang mapansin ni Herodes . . . ay nagalit . . . at nagutos, at ipinapatay ang lahat ng̃ mg̃a sanggol na lalake na nang̃asa Betlehem, at sa boong palibotlibot noon, mula sa gulang na dalawang taon hanggang sa pababa, alinsunod sa panahon ng̃ kaniyang maing̃at na pagkasiyasat sa mg̃a Pantas na lalake.

*Salita ng Dios—tinututulan ni Satanas*

Genesis 3:1b, 4

Tunay bang sinabi ng̃ Dios, . . . At sinabi ng̃ ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay.

*Mananampalataya ipinanganak sa Espiritu*

I Pedro 5:8

. . . ang inyong kalaban na díablo . . . ay gumagala na humahanap ng̃ masisila niya.

*Di mananampalataya naniniwala sa nga tanda sa langit*

**Jeremias 10:2**

**Ganito ang sabi nĝ Panĝinoon, Huwag kayong matuto nĝ lakad nĝ mĝa bansa, at huwag kayong manĝanglupaypay sa mĝa tanda nĝ lanĝit; sapagka't ang mĝa bansa ay nanĝanglulupaypay sa mĝa yaon.**

Huwag magtiwala sa sulat o ano mang bagay tungkol sa "suerte" o isuko ang iyong sarili sa mala-demonyong tugtugin o ng masasamang larawan. **"Hindi ako maglalagay nĝ hamak na bagay sa harap nĝ aking mĝa mata"** —Mga Awit 101:3. Itakwil ang kayabangan, pagpapaimbabaw at ang patay na relihiyon.

**Mateo 23:27, 28**

**Sa aba ninyo, . . . mĝa mapagpaimbabaw! . . . na may anyong maganda sa labas, datapuwa't sa loob ay puno nĝ. . . . lahat na karumaldumal. Gayon din naman kayo, sa labas ay nanĝagaanyong matuwid sa mĝa tao, datapuwa't sa loob ay puno kayo nĝ pagpapaimbabaw at nĝ katampalasanan.**

*Si Cristo lamang ang nagpalaya sa atin sa kasalanan*

(Tingnan sa pahina 48 at 49.)

# ANG KATAAS-TAASANG PANGALAN NI JESUCRISTO

**Mga Taga Filipos 2:9, 10a**

**Kaya siya naman ay pinakadakila nḡ Dios, at siya'y binigyan nḡ panḡalang lalo sa lahat nḡ panḡalan; Upang sa panḡalan ni Jesus ay iluhod ang lahat nḡ tuhod . . . .**

**Juan 14:13**

**At ang anomang inyong hinḡin sa aking panḡalan, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak.**

Kasama ko ang aking asawa at mga anak sa pagbabalik sa Africa na may pananampalataya upang gumawa para kay Cristo, ako ay nagising isang gabi na nakita ko ang isang nakatatakot na espiritu. Nang ikilos ko ang aking tuhod sa kanya upang tingnan kung ang nakita ko ay totoo, itinulak niya ako na may kalakasan, at hinawakan niya ako sa leeg upang sakalin, at ako ay sumigaw ng tatlong salita, "Jesus, tulungan mo ako." Bigla na lamang siyang nawala, at ito ay hindi na naulit 28 taon na ang nakaran. Kay Satanas ang pangalan ni Jesus ay kasindak-sindak, at sa lahat ng demonyo. Tumawag kay Cristong pangalan para sa kaligtasan (Roma 10:13).

Isang babae ang nagsabi sa aking asawa na ng siya ay nasa isang co-

legio, isang araw namasyal sila ng kaibigan niyang binata, ng malapit na sa isang daang-bakal pinagtangkaan siyang patayin upang pagkatapos palitawing nasagasaan siya ng tren. Ng siya ay kanyang utusan sa Pangalan ni Jesucristo nawalan siya ng lakas at lumakad ang lalaking ito sa unahan niya hanggang sa colegio.

Isa pang babae ang nagpatunay sa aming mag-asawa na noong siya ay kabataan pa ay binuksan niya ang kanyang tahanan sa isang pangkat ng mga manghuhula. Pagkatapos nito, ang masamang espiritu ay paulit-ulit na ginagalaw ang mga kasangkapan sa boong tahanan niya. Sa gayon kanyang itinaboy ang masasamang espiritu sa Pangalan ni Jesus at isinuko niyang lubusan ang sarili kay Jesucristo.

Huwag kailanman mahahabag kay Satanas o sa diablo, ang kanilang layon ay makuha ka sa kanilang panig sa halip na sumama sa Dios. Ang isang matandang Cristiano na mayroon karamdaman at mahinang pangangatawan, ay nagsabi sa akin ng tungkol sa sinabi ni Satanas sa kanya, na parang sinusubok siya. Aking sinabi sa kanya na si Satanas ay puno ng pagdaraya at hindi nararapat pagtiwalaan kahit na isang salita na sabihin niya. Aking pinagwikaan si Satanas sa Makapangyarihang Pangalan ni Jesucristo. Nagkaroon siya ng kapayapaan kay Cristo sa loob ng limang linggo bago siya namatay. —Watson Goodman

# SI SATANAS AT ANG MGA DEMONYO, IYONG KAAWAY

*Si Satanas ang sumisira ng katawan, at kaluluwa, sa pakikiapid ng lalaki sa lalaki, pagpatay ng mga hindi pa ipinanganganak, Pinaghaharian ng demonyo*

. . . ang mga lalake, . . . ay nañgagniñgas sa kanilang karumihan nğ pita ang isa't isa, . . . at tumatanggap sa kanilang sarili nğ kagantihan nğ kanilang pagkakamali. —Mga Taga Roma 1:27

. . . bagay na ipinagtatanim nğ Pañginoon; . . . mğa kamay na nagbububo nğ walang salang dugo. —Mga Kawikaan 6:16, 17

Kung magkagayo'y yumayaon siya, at nagsasama nğ pito pang espiritu na lalong masasama kay sa kaniya, at sila'y nagsisipasok at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang hulíng kalagayan nğ táong yaon kay sa una. —Mateo 12:45a

Hanapin ang buhay na Dios. Huwag tumawag sa "ibang dios" upang malaman ang paparating, magbasa ng pagiisip, at mapagaling ang mga karamdaman.

Huwag ipailalim ang iyong sarili sa kapangyarihan ng ano mang espiritu na hindi sa Dios at sa kanyang Espiritu. Sampalatayanan lamang ang Salita ng Dios (Biblia). (Basahin, Apocalipsis 19:13.)

